MAY 2010
FILIPINO MAGAZINE
PO NATIN !
PAG-USAPAN
ISSUE 22
ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الثاني والعشرون
مجلة لنتحاور

ANG PAMUMUNO

ANG PINUNO

"Ang pamumuno ay isang puwersa kung saan sa pamamaraang walang nakakabatid ay dumadaloy sa pagitan ng mga lider at mga tagasunod. Ito ay magtulak ng mga tagasunod upang ilabas ang kanilang mga lakas na may pagkakaisa tungo sa nabubuong pangkalahatang layunin. Ang paggawa tungo sa isang layunin at ang pagkamit nito ay nagbibigay-kasiyahan sa mga lider pati na rin sa mga tagasunod."

IMPLUWENSYA
NG PINOY SA KUWAIT

BATHALA
NG KALAWAKAN

IPINAMIMIGAY NG LIBRE

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف
24712574

1999 .indd 1
5/2/10 7:21:45 PM

LIBRENG MGA PAG-AARAL SA KPCCENTER

ARABIC & KUWAITI DIALECT

For Men, every Thursday, 7:00-8:00pm, Friday 2:30-4:00pm
For Women, every Friday, 9:30-11:00am

BASIC MASSAGE THERAPHY SEMINAR

For Women Only

Every Friday, 8:00-9:30am

READING QUR'AN WITH TAJWEED

For Men, every Thursday, 6:00 to 8:00pm
For Women, every Thursday & Friday, 5:00 to 8:00pm

FOR REGISTRATION, CALL KPCCENTER

Tel. 24712574 ext. 111 (women), 102 (men)

الفركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف

1999 .indd 2 5/2/10 7:21:48 PM

PAG-USAPAN PO NATIN

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis Ahmad Yusuf Abaya, Sr.
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
uaya
Abdul Qadir Laja
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf U. Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPCCCenter
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12, Floor 8
Phone (965) 24712574
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
Email: pagusapan@gmail.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Shk. Abdulhadie Gumander
Executive Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Assistant Executive Director
Men Section
Usta. Halima Mantawil
Assistant Executive Director
Women Section

IPC

مؤسسة زخرف للدعاية والإعلان
Zukhruf Advertising Agency

Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ang KPCCenter ay bumabatay sa mga katuruan, mga kahalagahan, at mga kaugaliang pang-Islam. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat ng mga relihiyon at mga sektor upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, magpadala ng e-mail sa:

pagusapan@gmail.com

ADVERTISING RATES	Original Rates KD	6 Months 20% Discount	Yearly 30% Discount KD	
Regular Full Page	100	80	70	840
Half Page	50	40	35	420
Quarter Page	25	20	17.5	210
Inside Front Cover Full Page	150	120	105	1,260
Inside Back Cover Full Page	150	120	105	1,260
Back Cover Full Page	200	160	140	1,680
Center Spread Pages	200	160	140	1,680
For more information, call 24712574 ext. 109				

3 ANG PINUNO القائد

4 ANG PAMUMUNO القيادة

6 MAKI-ALAM! تأثير الفلبيني في الكويت
Impluwensya ng Pinoy sa Kuwait 2

8 PAG-ARALAN ANG ARABIK: تعلم اللغة العربية
Lesson 12

9 TANONG AT SAGOT سؤال وجواب

10 MINDANAO: TUKLASIN NATIN ميندناو

11 BATHALA NG KALAWAKAN الكون

14 BISAYA لغة بيسايا

16 BASA A MORO لغة مورو

19 ISYUNG PANGKALUSUGAN الصحة

20 UPANG TAYO'Y MAGTAWANAN لنضحك!

1999 .indd 1 5/2/10 7:21:48 PM

Editor's Note

Ullessis Ahmad Yusuf Abaya, Sr.

Ikaw ay isang lider kung mayroong isang tao o mga taong sumusunod sa iyo. Sila yaong mga taong nakikinig sa iyong mga simpleng payo at sumusunod sa iyong halimbawa. Mula sa simpleng pagiging isang lider sa iyong tahanan at sa iyong komunidad, hanggang sa pagiging lider ng isang bansa, ito ay mayroong maraming mga anyo at hugis, ngunit kadalasan ito ay nagsasangkot sa pamamahala ng mga tao – isa sa pinakamahirap sa lahat ng mga gawain. Ito ay nangangahulugan ng pakikipag-ugnayan at panggaganyak ng iba na umaksyon upang makamit ang isang karaniwang layunin. Ang lider ay tagapagtayo ng layunin. Nakukuha niya ang kusang pagsang-ayon ng iba upang makikipagtulungan tungo sa layunin. Ibat-ibang katangian ang ibat-ibang lider. Mayroong itinalaga nila ang sarili at nakatutok sa mga layunin. Sila ay nagtatrabaho ng husto, at umaasang gayahin sila ng kanilang mga koponan. Sila ay naniniwala na ang trabaho ay mahalaga, at dapat itong gawin ng tama. Pinahalagahan nila ang tradisyon - ang dating mga pamamaraan ay mga paraang napatunayan na, at hindi gaanong pinapansin ang mga bagong ideya maliban na lamang kung talagang napatunayan na mayroong potensyal. Mayroong lider na sabik sa kanilang pangako sa mga nasasakupan, at may malakas na pandama para sa komunidad. Mayroon silang demokratikong estilo ng pamamahala, na pinapahalagahan ang kakayahan ng mga empleyado at mga manggagawa ng koponan. Malalawak ang kanilang mga pananaw, at may kakayahang magbigay ng inspirasyon sa iba. Mayroong mga lider na nakikita ang malaking larawan pati na rin ang pagiging kumplikado ng mga detalye. Matagumpay sila sa kanilang mga diskarte. Pinagsamasama nila ang husay ng pag-iisip, talino sa paglikha at disenyo sa mga tungkulin ng pamumuno. Sila ay nananaliksik at pinag-aralan ang katibayan at mga konsepto, patuloy sa paghahanap para mapapabuti ang pagtatrabaho gamit ang dunong at talino. Ang mga katibayan at mga impormasyon ay mahalaga para sa kanila, at hindi gaanong pinapansin ang silbi ng damdamin at relasyon. Mayroong mga lider na nakasentro sa aksyon. Ang pangangasiwa at organisasyon ay umiiral upang gumawa ng aksyon. Sila yaong mga tagapaglutas ng mga malalaking problema. Nangunguna sila sa pamamagitan ng pagbigay ng mga halimbawa, at nagtatakda ng mga pamantayan na kailangang sundin. Ang kanilang estilo ay ganap na awtoritaryan at pabigla-bigla. Naiinip sila sa mga sumasalungat sa kanila at umaasang ang kanilang mga direksyon ang sinusunod. Tinatanggap nila ang mga pagbabago, at naniniwala sila na ang mga lumang pamamaraan ay maaaring mapapabuti. Para sa kanila, ang isang bagong proyekto ay pakikipagsapalaran, isang hamon ngunit may dalang saya.

Ang bawat lider ay kumbinasyon ng lahat ng mga katangiang nabanggit. Ang kanilang mga estilo ay maaaring kumbinasyon ng kanilang mga pangunahing lakas. Ang isang matalinong lider ay naunawaan ang lakas at kahinaan ng kanyang personal na mga estilo ng pamumuno at ginagamit ang mga miyembro ng pangkat na may iba't-ibang mga estilo upang magkaroon ng balanse at higit na kahusayan sa pagtupad sa napagkaisahang mga layunin.



1999 .indd 2 5/2/10 7:21:49 PM

Ang Pinuno



Ang pinuno ay isang lingkod. Upang magpasimuno, kailangan nating malaman kung paano sumunod. Ang pinuno ay isang katulong, isang tagapagbalita, isang boses para sa marami. Ang mga ito ay mga halimbawa ng mga serbisyong binigay natin sa para sa ating koponan kapag humantong tayo sa kanila. Inaalis natin ang mga sagabal upang magawa nila ang kanilang mga trabaho at magluningning para sa buong grupo.

Kung makilala natin ang ating mga tungkulin bilang tagapaglingkod at tagasunod ng ating grupo at nagsisikap upang gawin itong malinaw sa kanila na tayo ay nasa isang katayuan lamang ng isang mayroong kapasidad na mamuno upang gawing mas madali para sa kanila ang kanilang mga tungkulin, hindi sila kailanman makaramdam ng pagbabanta sa ganoong pamumuno. Walang kumpetisyon o pang-aapi. Sa ganitong istilo ng pamumuno ay hindi ka darating sa harap ng linya, nagniningning at mayroong pagmamataas habang kinukuha ng lahat ng kaluwalhatian. Bagkos ang iyong buong koponan ang tatanghalin doon ng sama-sama at dahil dito magkaroon ka ng higit pa sa paggalang mula sa iyong mga tagasunod.


Kung ikaw ay may pagnanais, maaari kang maging isang epektibong lider kung gusto mo. Ang isang mabuting lider ay nahuhubog sa pamamagitan ng walang kataposang pag-aaral, edukasyon, maraming pagsasanay, at mga karanasan. Ang pagiging isang lider ay isang proseso kung saan ang isang tao ay may kakayahang mang-impluwensya ng iba na gawin ang isang layunin at kakayahang dalhin ang isang organisasyon sa paraang mas nagkakaisa.

Kapag ang isang tao ay magpasiya kung siya ay rerespeto sa iyo bilang isang lider, hindi siya nag-iisip tungkol sa iyong mga katangian, sa halip, tinitingnan niya kung ano ang mga ginagawa mo at dito niya maaaring malaman kung ikaw ba dapat bigyan ng kanyang respeto. Ginagamit niya ang obserbasyong ito upang malaman niya kung ikaw ba ay isang kagalang-galang at mapagkakatiwalaang pinuno o isang taong makasarili na ginagamit ang lamang kapangyarihan upang magmukhang mabuti at makakuha ng promosyon. Ang mga lider na makasarili ay hindi mabisa dahil ang kanilang mga empleyado ay susunod lamang sa utos nila, ng walang pagtatalima. Maaaring magtagumpay sila sa maraming mga lugar dahil naipakita nila ang isang magandang imahen sa mga mas nakatataas sa kanila ngunit kapalit ng pagkalugi o kapinsalaan ng kanilang mga manggagawa.

Ang isang batayan ng mabuting mamumuno ay ang kanyang marangal na karakter at walang pag-iimbot na serbisyo sa inyong organisasyon. Sa mata ng mga tagasunod, ang iyong pamumuno ay ang lahat ng mga bagay na ginawa mo na nagdudulot ng epekto sa mga layunin at ikabubuti ng organisasyon. May tatlong pangunahing mga bagay na humuhubog sa isang mabuting lider. Una ay dapat na ginagawa ng isang lider kung ano ang kanyang itinuturo. Ang pangalawa at dapat niyang tingnan at pangalagaan ang mga nakapaligid sa kanya. Ang pangatlo ay dapat may kakayahan siya upang bumuo ng iba pang mahusay na mga lider. (UAYA)

1999 .indd 3 5/2/10 7:21:51 PM

ANG PAMUMUNO



1999 .indd 4 5/2/10 7:21:53 PM

Ang liderato o pamumuno ay tumutukoy sa proseso ng pagpapagalaw ng mga tao sa isang nakaplanong direksiyon sa pamamagitan ng panggaganyak upang sila ay kumilos sa paraan na walang sapilitan. Ang mabuting pamumuno ay nagpapagalaw ng mga tao sa isang direksyon tungo sa kanilang pinakamahusay at pang-matagalang interes. Ang direksiyon ay maaaring pangkalahatang pakikipag-ugnayan sa mundo o isang partikular tulad halimbawa ng paggawa ng isang pagpupulong na umaakma sa mga isyu. Kahit anong mangyari, ang pamamaraan at ang hangarin ay alang-alang sa kapakanan ng mga tao na kasangkot sa isang totoo at pang-matagalang diwa.

Ang pamumuno ay parehong isang tungkulin at isang paraang makabighani sa iba. Ang lider ay isa ring miyembro ng grupo ngunit binigyan ng isang tiyak na posisyon at inaasahang gampanan niya ito sa paraang kaalinsunod sa nasabing posisyon. Siya ay inaasahang gumamit ng impluwensiya sa pagbabalangkas at pagsagawa ng mga layunin ng kanyang pangkat. Ang isang matapat na lider ay hangdang magpasimuno at hindi yaong taong gawin ang lahat ng pandaraya makamtan lamang ang inaasam-asam na pwesto.

Ang pamumuno ay isang puwersa kung saan sa pamamaraang walang nakakabatid ay dumadaloy sa pagitan ng mga lider at mga tagasunod. Ito ay magtulak ng mga tagasunod upang ilabas ang kanilang mga lakas na may pagkakaisa tungo sa nabubuong pangkalahatang layunin. Ang paggawa tungo sa isang layunin at ang pagkamit nito ay nagbibigay-kasiyahan sa mga lider pati na rin sa mga tagasunod.

Ang pamumuno ay nagbibigay at kumukuha ng katangian mula sa media at mula sa kapaligiran kung saan ito tumatakbo. Hindi ito gumagana sa isang ispasyo na walang kalaman-laman, ngunit sa isang kapaligiran na binubuo ng maraming mga saligan at sangkap. Ang mabuting pamumuno ay patuloy na aktibong umiiral. Ito man ay maaaring magbago ng antas, lakas, o lawak, ngunit hindi ito kusang nabubuhay at biglang namamatay.(UAYA)



Impluwensya ng Pinoy sa Kuwait 2

Ni Joshua Yusuf Barbas



Ilan sa mga ibinahagi sa atin ng mga kababayan hinggil sa kani-kanilang mga karanasan at masasabi tungkol sa ating napiling topic: Ang mga impluwensya dito sa Kuwait. Ito na ang ating pangalawa at karugtong na kwento ngayong buwan ng Mayo.

Para sa isang kababayan nating Cebuana na si Leny, Roman Catholic at mahigit 2 years na rin sa Kuwait, naka-destino bilang staff nurse sa isang Government Hospital sa Andalous at nag-aalaga ng mga pasyenteng inatake o na-paralyzed ang katawan. Para sa kanya deritsahang sagot at inaming 'Panget sa Kuwait!' Niloko lang kami ng aming agency, sa pasahod at mga benipisyo ay 'di akma sa kung ano ang napagkasunduan sa Pilipinas. Kaya nagpa-planong 'di na mag-renew ng contract dito at uuwi na lamang para maghanap ng chance sa ibang bansa at baka may mas magandang opportunity. Dati-rati kung nurse ang mariringig o mami-meet mo, agad na iisipin magandang katayuan ang trabaho na propesyon at sa sahod nila, pero ngayon iba na ang sitwasyon, sila ay under agency, kinokontrol ang sahod nila at sure may bawas ito pati allowances na kahit pa maganda at malaki ang bigay ng mga Ministry kung saan sila naka-assign na hospital. Kaya kadalasan sumasama ang loob nila, pero ang mali dito at dapat sisihin ay ang company na kanilang kinabibilangan. Kaya 'nga ang trato at karapatan nila ay natatapakan sa kabila ng mga pagsisikap at sakripisyo na kanilang pinupuhunan. Isa din sa naging kaibigan at kakilala niya sa loob na na-aasign din sa ospital ay ang Maintenace and Utility Staff or Porter ang tawag sa position ni Sister Beverly, 7th Day Adventist ang relihiyon, at tubong Marbel, South Cotabato, mahigit na ring 2 years sa Kuwait, single at available ika 'nga. Naka-impluwensya sa kanya dito ay natutunan niyang makakain ng mga 'di nya kinakaing pagkain sa atin tulad ng carrots, bell pepper, gargeer, chapatti, khubboz at iba pa. Magkatulad sila sa sinapit ni Sister Leny sa usaping sahod at mga benipisyo na kontrol ng kani-kanilang agency, pinuna din niya ang ilang karanasan na maging ilan sa mga kababayan ay nagagawang manloko ng kapwa kabayan lalo na sa usaping pera. Para sa kanya mas masaya ang 'Pinas kaysa dito na kahit na mahirap doon. 'Yan ang share sa atin na hataw sa pagwo-work madalas ay 2 shifts ang kanyang ginagawang duty kahit na mahirap, gutom, pumapayat na at pagod lagi pero kailangang ma-hit ang dobleng sahod ang matatanggap na sahod at nang may maitabi kahit kaunting pera para sa mga plano sa future. Maraming salamat sa ating mga kapatid na ito sa kanilang mga naibahagi sa atin.

Tubong-Lucena, Quezon naman ang kapatid nating si Alvin, at 9 na buwan pa lamang sa Kuwait, 27 years old at may-asawa nasa atin. Simpleng tugon hinggil sa buhay dito, sa obserba nya'y madasalin ang mga tao dito at pala-kibo sa kapwa. At dagdag pa niya may ilan din namang lahi dito na extreme o malala ang pag-uugali. Pero sa kabuuan mas higit para sa kanya ang positibong impluwensya sa Kuwait, mas higit niyang natamo at napapahalagahan sa ngayon ang relasyon niya sa tunay na Diyos, na hindi tulad noon parang normal lamang kahit hindi ka magdasal o magsimba ay ayos lang, sa maikling panahon pa lamang niya dito ay kanyang tanggap na ang Islam at ganap na siyang Muslim sa ngayon at tinatawag na siyang Abdullah. Salam kapatid!

2 taon naman sa Kuwait at dating 10 years nagtrabaho sa Saudi si Francis, sa kanyang opinyon kung sa KSA ay maraming bawal at mahigpit pero naglipana pa din doon ang mga patagong mga sugalan at bisyo, pero dito sa Kuwait ay iba ang kinakaabalahan ng mga Kabayan natin ang usaping relasyon, asawa, live-in, diborsyo, kabit, kasal 'nga pero pang-Kuwait lang, usapan na pag-nagkita sa 'Pinas balang araw, ay hindi magkakakilala. Isa itong nakaka-impluwensya para sa kanyang pananaw. At spoiled talaga ang mga Kabayan natin sa ganitong sitwasyon. Madalas makikita na ang Kabayang Pinay ay may kasa-kasamang ibang lahi, madalas iba ang interpretasyon ang babalot sa isip ng mga mapanghusgang-tao at maging mga Pinoy, well likas sa atin ang mapagpuna kaya pati matinong pagsasama na magkaibang lahi na kasal ay nadadamay. At payo pa niya ay alisin sana ang mga sobrang luho ng Pinoy dito, utang ng utang, dapat sana'y maging mapanuri, handa at maalalahanin din sa ating kinabukasan. Hinagpis naman niya ang status bilang OFW na may problema sa dating employer na may plano siyang humabol at magkaso sa sho'un sa dahil sa karapatang mai-release siya at magka-visa

1999 .indd 6 5/2/10 7:21:55 PM



na ng legal. Nawa'y dasal nating maiayos ang dokumento ni Francis. Salamat sa kapatid na Kiko sa kanyang ibinahagi.

Simple lamang salita at puna ang ibinahagi sa atin ni Nur na impluwensyang usapin para sa kanya dito, sa positibo ay naging mas mature siya sa buhay, sa negatibo naman ay mas naging magagalitin at malakas nang magsalita ngayon, hindi tulad noong mahinahon lamang ang Maguindanawang kapatid nating ito na 4 taon nang naninirahan sa Farwaniyah, at malapit lamang ang pinapasukang trabaho, para sa kanya mas mataas ang respeto dito ng kapwa tao sa isa't isa kaysa sa atin. Isa namang 5 taon nang OFW sa Kuwait si Jorge o mas kilala sa pasaporteng pangalan na Eisaa Muhammad, Balik-Islam, Merchandiser sa isang matatag at kilalang pinapasukan, sa usaping impluwensya para sa kanyang pananaw lalo niyang natanto at naliwanagan sa sarili na mali ang kaniyang pag-aakala sa usaping Halal, ang mga puna at maling inihahayag ng mga media hinggil dito maging sa relihiyon niya noon at sa inaaniban na niya ngayon, para sa negatibong pananaw naman 'di siya umaayon sa ugali na may katagalang magplano't mag-desisyon ng mga tao dito, ang iba ay hindi maunawain sa iba. Payo niya sa mga kabayan, huwag maging maluho sa buhay, kung hindi naman kayang tutukan (ang bayarin). Maging masinop sa perang pinaghirapan. Bro' hanga kami sa pananaw mo.

Para naman sa kabayan nating Ilokano at 6 na taon na rin sa Kuwait, ang ating kaibigang si Max Torres ayon sa kanya hinggil sa usaping ito, noon ang layunin lamang niya sa buhay ay para maiahon sa buhay ang mga umaasa sa 'Pinas at mahanap ito dito sa Kuwait para sa pagbabago ng kalagayan ng yugto ng kapalaran. Higit na nakita niya ang mas magandang ugnayang pakikipag-kapwa-tao dito. Kahit pa tumaas ang standard of living dito, tulad ng bilihin, bayarin, upa, at ilan pang mga obligasyon. Para sa kanya mas higit ang positibong impluwensya sa buhay n'ya kaysa sa 20% lamang na kinokonsidera niyang negatibong nakikita at napupuna dito sa Kuwait.

Ang kapatid namang nating si Darius ng Salmiyah, na nagta-trabaho sa isang eleganteng Chinese Restaurant, tubong-Bulacan at 10 years na rin sa Kuwait. Para sa kanya ang positibo dito ay mas napaganda ang buhay niya, lumawak pa nang lalo ang pag-iisip n'ya dito. Sa negatibong aspeto naman ay iwas dapat sa mga bisyo at alak dito, kahit patago at bawal sa bansang ito ang mga gawain ito, talamak pa rin ang ating mga kabayan sa gawain ito. Sabi niya – walang nakaka-alam kung ano ang mangyayari sa ating kinabukasan, kaya kailangang mag-ipon at di mag-aksaya maging masinop at mapaghanda sa kinabukasan. Ito ang mga ginintuang mga pananalita na narinig natin sa ating kapatid na ito na pamilyado na rin sa buhay at mas matured na sa usaping pananaw bilang OFW. Bro isa kang huwaran at dapat kang tularan.

Sa susunod na buwan ating abangan ang huling yugto at ilan pang mga piling-piling kwento at pananaw ng mga kababayan natin dito sa Kuwait, kaugnay sa napili nating usapin. Nawa'y naging inspirasyon natin sila sa buhay-Kuwait at bilang OFW na nakikipagsapalaran dito para sa mga umaasa sa kanilang suporta, sustento at pagtulong na mga kapamilya't kapuso sa Pilipinas.

TRIVIA: Kung ang PILIPINAS ay Lupang Hinirang ang pambansang awit, na nilapatan ng himig at awit ni Julian Felipe noong 1898 na sinulat naman ni Jose Palma. At ito ay unang narinig noong unang Araw ng Kalayaan sa mga Kastila noong June 12, 1898, ang KUWAIT naman ay Watany Al-Kuwait na sinulat ni Ahmad Meshari Al-Adwani, at nilapatan ng musika ni Ibrahim Al-Soula na inayos naman ni Ahmad Ali at noong February 25, 1978 ay una itong na-i broadcast sa ere. (Source: http://en.wikipedia.org)

1999 .indd 7 5/2/10 7:22:00 PM

PAG-ARALAN ANG ARABIK

Ni Usta. Halima Mantawil, Asst. Executive Director, Women Section, KPCCenter

Lesson 12

Ang kahulugan sa Tagalog	Pagsasaling titik	Magkakasama na titik ng salitang Arabik	Magkakahiwalay na mga titik ng salitang Arabik
Gabi	Lailon	ليل	لَ يْ لٌ
Araw	Naharon	نَهَارٌ	نَ هـَ ا رٌ
Araw	Shamson	شَمسٌ	شَ م سٌ
Buwan	Qamaron	قَمَرٌ	قَ مَ رٌ
Bituin	Najmon	نَجمٌ	نَ ج مٌ

Mga Katinig
Harakat
Fathah = “a”
halimbawa بَ = Ba
Kasrah= “I”
halimbawa بِ = Bi
Dammah “u”
halimbawa بُ = Bu

Ang Alpabetong Arabik

Raa ر	Dhaal ذ	Daal د	Khaa خ	Haa ح	Jeem ج	Thaa ث	Taa ت	Baa ب	Alif أ
Faa ف	Ghaieen غ	Aieen ع	Zaa ظ	Taa ط	Daad ض	Saad ص	Sheen ش	Seen س	Zaa ز
	Yaa ى	Yaa ي	Haa ه	Waaw و	Noon ن	Meem م	Laam ل	Kaaf ك	Qaaf ق

1999 .indd 8 5/2/10 7:22:03 PM



Mga sagot ni Skh. Abdulhadie Gumander na itinala ni Bro. Abdullah Tabing

Tanong At Sagot

PAGPILI NG MAINAM NA LIDER

Tanong; Ako ay isang masugid na taga-subaybay ng inyong column na tanong at sagot sa pag-usapan po natin Filipino magazine at dahil napapanahon na ang halalan sa ating bansa, ako ay naguguluhan sa pagpili ng magiging lider o pinuno ng ating bansa, kaya ako ay sumasangguni upang magkaroon ng kaalaman kung ano ba ang pananaw ng Islam sa pagpili ng isang mainam at mabuting lider ng isang komunidad, ng isang bayan, o ng isang lipunan, o maging sa pangkalahatan?

Sagot; Bismillah, wassalatu wassalamu 'ala rasulillah, wa 'ala alahi wassahbihi waba'd. Kapatid na nagtatanong sa pananaw ng Islam hinggil sa pagpili ng isang namumuno o kaya ay isang lider. Sa katotohanan ay isang mabigat at malaking usapin ang paksang ito, lalu na ngayon ay napapanahon ang eleksyon o halalan sa ating bansang Pilipinas. Subalit wala ring masama kung ito'y tatalakayin upang makapag-bigay linaw sa mga kapatid nating mambabasa, tungkol sa leadership sa Islam, gayon din kung ano ang katayuan natin sa pagpili ng sinumang dapat na mamuno. Sa legal politics sa Islam, ay mayroong dalawang bantog na pamamaraan sa pagpili ng namumuno. Ang unang pamamaraan ay ang pagluluklok sa pamamagitan ng kataas-taasang pamunuan (Ta'een). Ang ikalawang pamamaraan ay ang pagpili sa pamamagitan lamang ng mga taong napag-ukulan (Ahlul hall wal aq'd). Mayroon ding ikatlong pamamaraan sang-ayon sa ibang mga pantas sa Islam, ito ay ang pagpili ng buong sambayanan sa pamamagitan ng halalan katulad ng ginagawa sa Pilipinas at ng iba pang bansa. Subalit sa lahat ng pamamaraan nito ay kinakailangan na mausisa ang mga sistema, lalung-lalu na itong ikatlong pamamaraan sa pamamagitan ng eleksyon o pagpili ng buong sambayanan, sapagkat nagkakaiba ang lahat ng mamamayan na pumipili o bumoboto sang-ayon sa kani-kanilang pananaw o pagka-matapat sa pagpili, kung kaya hindi tayo makasisiguro na ang mapili ay kung sino ang nararapat, mainam at mabuting pinuno o lider. Maa-aring isang taong kilala ng dahil sa kanyang angkan ang mahalal, subalit wala siyang digridad at hindi dapat na siya ang mamuno. Maa-ari ding isang taong nakilala sa kanyang kagalingan ang mapili, subalit hindi naman para sa pagiging lider. Maa-ari parin isang taong kilala sa kayamanan ang mapili sapagkat magagawa niya ang lahat ng pamamaraan para siya ang mapili o mahalal, subalit hindi naman siya karapat-dapat. At maa-ari parin isang tao na matatag ang pananampalataya o pagkatakot sa Diyos, subalit walang kakayahan na ibangon ang bansa at harapin ang mga suliranin o kaya ang malalaking problema ng bansa katulad ng kahirapan. Kung ito namang kahirapan ang ating pag-uusapan na ang pinag-uugatan ay mula sa corruption, kawalaan ng trabaho, gyera o pang-loob na digmaan, higit na pagpapayaman ng mga may kaya, pang-aapi sa mga mahihirap o sa walang kaya, diskriminasyon sa pagpapaupo sa anumang posisyon at iba pa. Ang mabuting lider o pinuno ay yung kung sino ang makakapagbigay ng solusyon at labanan ang mga ito ng may katapatan sa puso, sa salita, at sa gawa. Isa pang kinakaharap natin ngayon ay ang matagalan at walang katapusang digmaan sa pagitan ng mga Muslim o mga Moro at ng mga hindi mga Muslim o ng ibat-ibang tribo sa Pilipinas. So, ang hinahangad nating maging pinuno ay kung sinuman ang makapagbibigay ng kalutasan nito at maipag-kakaloob niya ang kanyang sakripisyo alang-alang sa katahimikan, siguridad, kapayapaan ng bansa at matagalan o manatiling solusyon ng problema. Siya rin ang lider o pinunong makapagbibigay at makapag-kakaloob ng pagkakataon sa lahat ng mamamayan anuman ang kanilang relihiyon, tribo at kasarian, sang-ayon sa kanilang kakayahan at kapangyarihan para sa ikabubuti ng komunidad, lipunan, bayan at maging sa pangkalahatan. Mababuhay niya ang pagsasaliksik sa kaalaman o karunungan at labanan ang kamang-mangan, at mababuhay din niya ang pagsisikap para sa kaunlaran. Ang mabuting pinuno o lider ay may kayang mapaunlad ang bansa sa pamamagitan ng pagpapalabas ng mga nakatagong kayamanan, at pangangalaga sa kalikasan sa dahilang napaka-lawak ng ating kalupaan na hindi napapakinabangan, gayun din ang kayamanan na hindi nadidiskubri o kaya ay hindi napakikinabangan ng marami. Kaya sa kabuuan ang mabuting pinuno o lider ay dalisay, tapat, marunong, matapang, hindi makasarili, nagmamahal sa lahat at naghahangad ng kabutihan para sa mamamayan, at higit sa lahat ay hindi siya makasuporta o maging sanhi ng pagkakaroon ng pang-loob na digmaan o ang pagkawala ng katahimikan, siguridad at kapayapaan sa bansa. Ganyan ang namumuno o lider na dapat maihalal. Basahin natin ang babala ni Propeta Mohammad, sumakanya ang kapayapaan: "Kapag naibigay na ang kapangyarihan o pamumuno sa sinumang hindi nararapat, hintayin muna ang Oras (ng pagka-gunaw)". Kaya dapat maingat ang mga mambabatas sa sistema at ang mga mamamayan sa pagpili para mapalayo ang marami mula sa kasamaan, kapahamakan at pagkawasak ng lipunan o bayan. Si Allah lamang ang higit na nakakaalam.



Para sa nais magtanong, mag-email sa: joselitotabing@gmail.com

1999 .indd 9 5/2/10 7:22:06 PM



MINDANAO: TUKLASIN NATIN

Ni Ust. Abubaidah Salud Satol
Translator/News Editor
Ministry of Information
Kuwait

Ang Karapatang Paglibing Sa Patay







